REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG CAVITE
PAMAHALAANG BAYAN NG CARMONA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-7 PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARMONA, CAVITE NA GINANAP SA SILID-PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NOONG IKA-15 NG PEBRERO 2016

MGA DUMALO:

KGG. ELMER M. REYES	.....	*Pang. Punongbayan at Tagapangulo*
KGG. CESAR L. INES JR.	.....	*Konsehal*
KGG. BERNIE A. ORTIZ	.....	*Konsehal*
KGG. LEONILA A. MANABAT	.....	*Konsehal*
KGG. AMABLE M. LONTOK	.....	*Konsehal*
KGG. HUBERTO A. HUGO	.....	*Konsehal*
KGG. ELIZABETH H. MANARIN	.....	*Konsehal*
KGG. DOMINGO R. TENEDERO	.....	*Konsehal*
KGG. ALBERTO H. OCAMPO	.....	*Konsehal*
KGG. FERMIN M. LEVARDO	.....	*Pangulo, Liga ng mga Barangay*

DI-DUMALO: WALA

ELIZABETH H. MANARIN | DR. DAHLIA A. LOYOLA | HUBERTO A. HUGO | ELMER M. REYES | AMABLE M. LONTOK | MARIVIC M. PAKINGAN | LEONILA A. MANABAT | FERMIN M. LEVARDO | BERNIE A. ORTIZ | ALBERTO H. OCAMPO | CESAR L. INES JR. | DOMINGO R. TENEDERO

KAUTUSAN BLG. 02-2016

KAUTUSANG NAGSUSUSOG SA PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 004-03, NA MAS KILALA BILANG "KODIGO NG SORTEO NG BUKID NG BAYAN" UPANG MAGSILBING PANIBAGONG ARTIKULO HINGGIL SA MGA PAGBABAWAL

Mga nag-isponsor: Kgg. Elizabeth H. Manarin at Kgg. Cesar L. Ines Jr.

SAPAGKAT, sa layuning mapangalagaan at mapanatili ang makasaysayang tradisyon sa bayan ng Carmona – ang "Sorteo ng Bukid", minarapat ng administrasyong ito na ganap nang ipagbawal ang mga gawain o aktibidad na nagsisilbing balakid o banta sa proseso ng palistahan, pagkuha ng tama, paraan ng pakikinabang sa mga bukid ng bayan, at iba pa na may kinalaman sa Sorteo ng Bukid;

NGAYON, DAHIL DITO, PINAGTIBAY TULAD NG DITO'Y PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARMONA, CAVITE NA:

Seksyon 1. Ang Pambayang Kautusan Blg. 004-03, na mas kilala bilang "Kodigo ng Sorteo ng Bukid ng Bayan" ay sinususugan upang idagdag ang panibagong artikulo bago ang probisyon ng Kaparusahan na tatawaging Artikulo XIII gaya ng sumusunod:

ELIZABETH H. MANARIN
DR. DAHLIA A. LOYOLA
HUBERTO A. HUGO
ELMER M. REYES
AMABLE M. LONTOK
MARIVIC M. PAKINGAN
LEONILA A. MANABAT
FERMIN M. LEVARDO
BERNIE A. ORTIZ
ALBERTO H. OCAMPO
CESAR L. INES JR.
DOMINGO R. TENEDERO

"ARTIKULO XIII
MGA PAGBABAWAL

Seksyon 1. Mahigpit na ipinagbabawal sa sinuman ang mga sumusunod:

a. Pagbebenta ng bukid na kabilang sa Sorteo ng Bukid ng Bayan at maging ang mga inihiwalay o ihihiwalay dito;

b. Paggalaw, pagbawas o pag-okupa sa bukid ng bayan na bahagi ng Sorteo ng Bukid nang walang pahintulot mula sa Sangguniang Bayan;

c. Paglalagay ng kubo o anumang istruktura sa lupang bahagi ng Sorteo ng Bukid ng Bayan nang walang pahintulot mula sa Samahan ng mga Magbubukid sa Carmona (*Carmona Farmers' Association, Inc.*) at Sangguniang Bayan;

d. Pagpapatala ng ibang pangalan para sa kwalipikadong maitala o ang tinatawag na "sanghiyang";

e. Paglinang sa bukid ng bayan maliban sa pagtatanim;

f. Anumang kilos o gawain na makagugulo sa oras ng palistahan at bolahan sa Sorteo ng Bukid;

g. Sinadyang panlilinlang hinggil sa tunay na pagkatao o impormasyon sa pagsali o pagkuha ng napanalunan;

Seksyon 2. Ang mga probisyon sa pagbabawal na inuulit o katulad sa Kautusang ito ay awtomatikong tatanggalin na sa Kodigo.

Seksyon 3. Ang Artikulo XIII hanggang Artikulo XVI ay magiging Artikulo XIV hanggang Artikulo XVII.

Seksyon 4. Ang anumang katadhanaan na naitakda sa mga umiiral na kapangyarihan at/o kautusan o kapasiyahan na taliwas sa alinmang itinatakda ng Kautusang ito ay ipinalalagay na napalitan na.

Seksyon 5. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa matapos ang labinlimang (15) araw buhat sa araw na ang sipi nito ay naipaskil sa Bulletin Board ng Pamahalaang Bayan sa harapan at sa bawat bahay-pamahalaan ng lahat ng mga barangay na nasasakupan.

* * * * * * * * * * * * *

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG CAVITE
PAMAHALAANG BAYAN NG CARMONA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

pahina 3, Pam. Kautusan Blg. 02-2016

PINATUTUNAYAN:

MARIVIC M. PAKINGAN
Kalihim

PINATOTOTOHANAN:

HON. ELMER M. REYES
Pang. Punongbayan

MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN

KGG. CESAR L. INES JR.

KGG. BERNIE A. ORTIZ

KGG. LEONILA A. MANABAT

KGG. AMABLE M. LONTOK

KGG. HUBERTO A. HUGO

KGG. ELIZABETH H. MANARIN

KGG. DOMINGO R. TENEDERO

KGG. ALBERTO H. OCAMPO

KGG. FERMIN M. LEVARDO
Pangulo ng Liga ng mga Barangay

PINAGTIBAY:

KGG. DAHLIA A. LOYOLA
Punongbayan

FEB 29 2016
Araw na pinagtibay